



Isinabatas ang **COVID-19 Targeted EIDL Advance** noong Disyembre 27, 2020, bilang bahagi ng Economic Aid to Hard-Hit Small Businesses, Non-Profits, and Venues Act. Nagbibigay ng mga karagdagang pautang ang Targeted EIDL Advance sa mga negosyong matatagpuan sa mga komunidad na maliit ang kinikita para matiyak ang pagpapatuloy, pag-akma, at pag-agapay ng maliliit na negosyo.

Makakuha ng mga pang-advance na pondo na **hanggang \$10,000** ang mga aplikanteng nasa mga komunidad na maliit ang kinikita na dati nang nakatanggap ng EIDL Advance na wala pang \$10,000, o ang mga nag-apply pero hindi nakatanggap ng pondo dahil sa kakulangan ng pondo ng programa.

**Walang kailangang gawin ang mga aplikante sa panahong ito.**

**SBA ang makikipag-ugnay sa iyo kung ikaw ay kwalipikado!**

Unang makikipag-ugnay ang SBA sa mga aplikasyon sa EIDL na nakatanggap na noon ng partial na EIDL Advance (hal. sa pagitan ng \$1,000 - \$9,000). Direktang kokontakin ng SBA ang mga aplikante sa pamamagitan ng email sa mga darating na linggo taglay ang mga tagubilin para matukoy ang pagkakarapat-dapat at pagsumite ng mga dokumento.

**Lahat ng komunikasyon mula sa SBA ay ipapadala mula sa isang opisyal na email ng gobyerno na nagtatapos sa @sba.gov. Huwag magpapadala ng maselang impormasyon sa pamamagitan ng email sa anumang adres na hindi nagtatapos sa @sba.gov.**

Maaaring magkwalipika ang mga aplikante kung sila:

- **Ay nasa komunidad na maliit ang kinikita.** Ang paglalarawan sa isang “komunidad na maliit ang kinikita” (low-income community) ay inilarawan sa seksyon 45D(e) ng Internal Revenue Code. Tandaan na dapat na **matatagpuan** ang aplikante sa isang komunidad na maliit ang kinikita para magkwalipika. Makukuha sa nalalapit na panahon ang mga karagdagang detalye sa kung paano tutukuyin ng SBA ang mga komunidad na maliit ang kinikita sa [www.sba.gov/coronavirusrelief](http://www.sba.gov/coronavirusrelief); **AT**
- **Magagawang ipakita ang higit sa 30% na pagbaba ng kinikita** sa loob ng isang 8-linggong haba ng panahon simula Marso 2, 2020, o mas huli pa. Kung masapatan ng isang aplikante ang panukatan sa pagiging nasa komunidad na maliit ang kinikita, hihilingin sa kanila na magbigay ng gross monthly revenue (lahat ng pinagsama-samang buwanang kinikita na natanggap, gaya ng mga tinubo o sinahod) para kumpirmahin ang 30% na pagbaba.



Sunod, makikipag-ugnay ang SBA sa mga nag-apply para sa ayudang EIDL sa o bago ang Disyembre 27, 2020, pero hindi nakatanggap ng EIDL Advance dahil sa kawalan ng pondo ng programa. Makatatanggap ng email ang mga aplikanteng ito mula sa SBA na may kasamang mga tagubilin para matukoy ang pagiging kakarapat-dapat at ang pagsumite ng mga dokumento. Maaaring magkwalipika ang mga aplikante para sa isang Targeted EIDL Advance kung masasapatan nila ang panukatang nasa itaas (matatagpuan sa komunidad na maliit ang kinikita at pagbaba ng kinikita) AT:

- **Mayroong 300 o mas kaunti pang empleyado.** Kwalipikado ang mga entidad sa negosyo na karaniwang karapat-dapat para sa programang EIDL, kabilang ang mga sole proprietor, independent contractor, at mga pribado, at nonprofit na organisasyon. Hindi kwalipikado ang mga negosyong pang-agrikultura.

Maaaring hingin sa lahat na aplikante na magbigay ng [IRS Form 4506-T](#) para magbigay-daan sa SBA na makahiling ng impormasyon sa tax return para sa aplikante.

**Huwag magsusumite ng mga duplicate na aplikasyon sa COVID-19 EIDL. Tanging mga dati nang aplikante ang isasaalang-alang para sa Targeted EIDL Advance.**

**SBA ang makikipag-ugnay sa iyo kung ikaw ay kwalipikado!**